Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-18 NG SETYEMBRE, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 175-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAABOT NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT MARINGAL NA PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD, SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. NOEL G. PINEDA, KAY MARDY JAYE F. LISING MULA SA BARANGAY TIKAY NA NAGKAMIT NG GINTONG MEDALYA SA WORLD CHAMPIONSHIP OF PERFORMING ARTS (WCOPA) NA GINANAP NOONG IKA-12 HANGGANG IKA-21 NG HULYO, 2019 SA LONG BEACH, CALIFORNIA, ESTADOS UNIDOS

Akda ni: Kgg. PATRICK S. DELA CRUZ
Kamay Akda: Kgg. MICHAEL M. AQUINO, Kgg. DENNIS D. SAN DIEGO,
Kgg. EMMANUEL R. SACAY at Kgg. LUIS ALFONSO M. ARCEGA

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa Artikulo 2, Seksyon 13 ng Saligang Batas ng Pilipinas na kinikilala ng estado ang napakahalagang tungkulin ng mga kabataan sa pagbuo ng bansa;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay nagpapahayag ng mataas na pagkilala sa kagalingan ng mga kabataan, pati na rin sa kanilang abilidad na makapagdulot ng pag-unlad sa komunidad at sa bansa;

Dagdag dito, naniniwala rin ang Pamahalaang Lungsod na bilang mga pag-asa ng bayan, ang mga kabataan ay may kakayahan na kumilos bilang mga tagapagpasimula ng positibong pagbabago sa lipunan na magbubunga ng kabutihan na siyang pakikinabangan ng kasalukuyan at ng mga henerasyon pang darating;

**SAPAGKAT,** si MARDY JAYE F. LISING, ay nagkamit ng gintong medalya sa ilalim ng kategoryang *"Group Production"* sa kakatapos lamang na World Championship of Performing Arts (WCOPA) na ginanap noong ika-12 hanggang ika-21 ng Hulyo, 2019 sa Long Beach, California, Estados Unidos;

**SAPAGKAT,** ang World Championship of Performing Arts (WCOPA) ay isang malawakang patimpalak na sinasalihan ng mga indibidwal na mula sa iba't ibang panig ng mundo at isang karangalan na magkaroon ng kinatawan ang Pilipinas dito;

**SAPAGKAT,** si MARDY JAYE F. LISING, dalawampu't isang (21) taong gulang at nagmula sa Barangay Tikay, Lungsod ng Malolos, ay nagpamalas ng kaniyang natatanging galing at talent, kung kaya't nagkamit siya ng gintong medalya sa ginanap na World Championship of Performing Arts (WCOPA);

**SAPAGKAT,** si MARDY JAYE F. LISING ay magsisilbing inspirasyon sa mga kabataang Maloleño upang higit pa nilang linangin ang kanilang mga natatanging galing at talento, at magkaroon ng disiplina at lakas ng loob para sa pagtatamo ng kanilang mga pangarap sa buhay at makapagbigay karangalan sa bayan;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, sa pamamagitan ni MARDY JAYE F. LISING, ay muling napatunayan na hindi lamang sa kagitingan, kabayanihan, palakasan at katapangan makikilala ang dakilang lahi ng Maloleño;

**SAPAGKAT**, marapat lamang na bigyan ng kaukulang pagkilala ang masikap na si MARDY JAYE F. LISING dahil ang tagumpay at karangalan na kaniyang natamo ay karangalan din ng dakilang Lungsod ng Malolos at ng mga mamamayan nito;

**KUNG KAYA'T IPINASIYA**, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya, na nagpapaabot ng taos-pusong pagbati at maringal na pagkilala ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian at ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod, sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Noel G. Pineda, kay MARDY JAYE F. LISING mula sa Barangay Tikay na nagkamit ng gintong medalya sa World Championship of Performing Arts (WCOPA) na ginanap noong ika-12 hanggang ika-21 ng Hulyo, 2019 sa Long Beach, California, Estados Unidos.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
** wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod
DhorieTrogo(SDC2)*091819